# Mga Turo tungkol sa Batas ng Ikapu ng Tagapagligtas

Pag-aralan ang sumusunod na resources, at alamin kung ano ang makahihikayat sa inyo o sa iba na sundin ang batas ng ikapu.

Mga Banal na Kasulatan:

Malakias 3:8–10; Juan 7:17; Doktrina at mga Tipan 119:5–7

Mga pahayag at iba pang resources:

Itinuro ni Pangulong Steven J. Lund, Young Men General President:




Kapag nagbabayad ng buong ikapu ang mga kabataan, nagkakaroon sila ng matibay na ugnayan sa Ama sa Langit. Sa tuwing sinusunod nila ang kautusang iyan at nagbabayad, may bagong nalilikhang bigkis ng sakripisyo at ugnayan. (Steven J. Lund, "Seminary, Institute, at Iba pang mga Bagay na Makatutulong" [mensaheng ibinigay sa Seminary & Institute annual training broadcast, Ene. 27, 2023], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

Ipinapayo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan: Isang Gabay sa Paggawa ng mga Pagpili*:

Magpakita ng pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos. . . .

. . . Habang nag-aayuno at nagbabayad kayo ng mga ikapu at handog, ipinapakita ninyo sa Diyos na mas mahalaga sa inyo ang Kanyang gawain kaysa sa mga materyal na bagay. (*Para sa Lakas ng mga Kabataan: Isang Gabay sa Paggawa ng mga Pagpili* [2022], 11–12)

Habang naglilingkod bilang miyembro ng Pitumpu, tinanong ni Elder Stanley G. Ellis:



May *pananampalataya* ba tayong magtiwala sa mga pangako [ng Panginoon] tungkol sa ikapu na ang 90 porsiyento ng ating kita *na dinagdagan ng tulong ng Panginoon* ay mas makakabuti sa atin kaysa 100 porsiyento ng ating taunang kita *na tayo lang mag-isa*? (Stanley G. Ellis, "Nagtitiwala ba Tayo sa Kanya? Ang Mahirap ay Mabuti," *Liahona*, Nob. 2017, 114.)

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Madalas kapag itinuturo at pinatototohanan natin ang batas ng ikapu, binibigyang-diin natin ang mga daglian, malalaki at madaling napapansing temporal na pagpapala sa atin. At talaga namang ibinibigay ang gayong mga pagpapala. Gayunpaman ang ilan sa maraming pagpapala na natatamo natin kapag sinunod natin ang kautusang ito ay mahalaga ngunit hindi napapansin. . . .

Halimbawa, ang hindi napapansin ngunit mahalagang pagpapalang natatanggap natin ay ang espirituwal na kaloob na pasasalamat sa kung ano ang mayrooon tayo at pagpipigil na maghangad ng gusto lamang natin. . . .

Kung minsan hinihiling natin sa Diyos na magtagumpay tayo, at binibigyan Niya tayo ng kalusugan at katalinuhan. Maaaring ang hiling natin ay kasaganaan, at tumatanggap tayo ng mas malawak na kaalaman at ibayong pagtitiyaga. (David A. Bednar, "Mga Dungawan sa Langit," *Liahona*, Nob. 2013, 17–18)

Si Mary Fielding Smith ang balo ni Hyrum Smith at ina ni Pangulong Joseph F. Smith. Nang may isang taong magsabing napakahirap niya para sundin ang batas ng ikapu, sumagot siya:

Ipagkakait mo ba sa akin ang biyaya? . . . Nagbabayad ako ng ikapu, hindi lamang dahil ito'y batas ng Diyos, subalit dahil umaasa ako ng biyaya sa paggawa nito. (Mary Fielding Smith, binanggit ni Joseph F. Smith, sa Conference Report, Abr. 1900, 48.)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_412-1